Kapag uminom ang aso sa lalagyan ng isa sa inyo, hugasan niya ito nang pitong ulit

Ayon kay Abu Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tunay na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag uminom ang aso sa lalagyan ng isa sa inyo, hugasan niya ito nang pitong ulit."} Batay kay Imām Muslim: "Ang una sa mga ito ay sa pamamagitan ng alabok."

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng paghuhugas ng lalagyan nang pitong ulit kapag nagpasok dito ang aso ng dila nito, na ang una sa mga ito ay nasasamahan ng alabok upang ilapat ang tubig matapos nito para matamo ang ganap na kalinisan mula sa karumihan nito at pinsala nito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3143